

# Regulasyon sa Asbestos

## Asbestos sa Tahanan

Ang pag gamit ng asbestos ay lubos nang nabawasan mula ng nagsimula ang taong 1970 dahil sa laganap na panganib sa kalusugan nitong taglay. Gayunpaman, maaaring mayroon pa ring asbestos sa mga tahanan sa iba't ibang anyo, mula sa spray-on na proteksyon sa sunog o plaster sa mga kisame at pader hanggang sa insulation laban sa init sa mga pugon at lagusan ng hangin.

**Kadalasan, mapanganib lang ang mga materyal na naglalaman ng asbestos kung masisira o magagalaw ang mga ito.** Halimbawa, kung mayroon kang kisameng gawa sa acoustic na may asbestos, dapat kang mag-ingat kapag gumagawa ng mga aktibidad na maaaring makagalaw sa kisame. Halimbawa, huwag barenahin o magbutas, at ingatan na wag magalaw ang asbestos habang nagpapalit ng bombilya ng ilaw o kung ano pang aktibidad na possibleng magalaw ang kisame.

**Huwag linisan ng alikabok, walisin, o i-vacuum ang mga bagay na hinihinalang naglalaman ng asbestos.** Maaari nitong magalaw ang maliliit na hibla ng asbestos at maaaring sumama sa hangin ang mga ito. Dahil napakaliit ng mga hibla, hindi makikita ang mga ito at makakalusots ang mga ito sa normal na vacuum cleaner, at muling sasama sa hangin. Ang mga sertipikadong trabahador na nangangasiwa ng asbestos ay gumagamit ng mga espesyal na idinisenyong HEPA air filter na kagamitan at ng mga kasanayan gamit sa basang paraan ng pag-aalis upang makontrol ang mga hibla ng asbestos.

Kung sa tingin mo ay mayroon kang produktong naglalaman ng asbestos sa iyong tahanan, mainam na huwag galawin ito, maliban na lang kung nadudurog na ito, kailangan ng major repair, o kailangan itong alisin. Kung nadudurog na ang materyal, o kung plano mong mag-remodel o magpalagay ng bagong pugon o mga tubo, dapat kang umarkila ng kontraktor upang matukoy kung may asbestos na kasangkot.

## Regulasyon sa Asbestos

**Kinokontrol ng Air District ang mga emisyon ng asbestos sa pamamagitan ng:**

- Regulation 11, Rule 2 (Pagwasak, Pagkumpuni, at Paggawa ng Asbestos)
- Hakbang sa Pagkontrol ng Nakakalasong Asbestos sa Hangin (Asbestos Airborne Toxic Control Measure, ATCM) para sa Konstruksiyon, Paggrado, Quarrying, at Mga Operasyon ng Pagmimina ng Ibabaw ng Lupa (California Code of Regulations Titulo 17, Seksyon 93105)

**Ang Airborne Toxic Control Measure ay nag-aatas ng mga kinakailangang pamantayan sa mga sumusunod na aktibidad sa mga lugar kung saan malamang na may likas na nangyayaring asbestos (naturally occurring asbestos, NOA):**

- Paggawa at pagpapanatili ng kalsada
- Konstruksiyon at paggrado
- Quarrying at pagmimina ng ibabaw ng lupa

**Iniaatas ng Regulation 11, Rule 2** ang mga espesyal na pamamaraan at kasanayan sa pagtatrabaho na dapat sundin sa anumang proyektong nauugnay sa pag-aalis ng materyal na naglalaman ng asbestos. Ang hindi pagsunod sa mga tuntuning ito ay maaring patawan ng mga parusa, o magsagawa ng sibil o kriminal na prosekusyon. Makikita ang mga kinakailangan ng Regulation 11 Rule 2 sa: baaqmd.gov/reg11rule2




DANGER ASBESTOS DANGER ASBESTOS DANGER ASBESTOS DANGER ASBESTOS DANGER ASBESTOS DANGER ASBESTOS

Bay Area Air District

Learn more at **baaqmd.gov**

@bayareaairdistrict

# Pagpapapagaan ng Pagkakalantad

**Sa Ilalim ng Regulation 11, Rule 2 kailangan na magsagawa ng survey upang matukoy ang pagkakaroon ng asbestos bago simulan ang anumang aktibidad sa paggiba o pagkukumpuni.** Ang survey ay dapat Isagawa ng Mga Certified Asbestos Consultants (CAC), na sertipikado ng California Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA). Maghanap ng consultant na sertipikado ng Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng California (California Division of Occupational Safety and Health, Cal/OSHA). dir.ca.gov/dosh/asbestos.html

"Asbestos sa Tahanan" ("Asbestos in the Home") brochure ng Consumer Products Safety Commission: bit.ly/41w4S5P

**Huwag mong tangkain na mag-alis ng asbestos dahil ang exposure sa mga mikroskopikong napakaliit na hibla ay maaaring maging mapanganib para sa iyo o sa iyong pamilya.** Ang tanging ligtas na paraan ay ang pagarkila ng certified asbestos contractor upang masuri ang iyong tahanan.

**Maaari kang payuhan ng asbestos contractor kung dapat bang tapalan, alisin, o hayaan lang at hindi galawin ang asbestos.** Kung maliliit na pagkukumpuni lang ang kailangan sa isang maliit na lugar, maaaring takpan ng kontraktor ang mga may pinsalang bahagi sa pamamagitan ng pag spray gamit ang pintura na heat resistant, sealant o pagtatapal sa materyal na naglalaman ng asbestos.

**Makakakita ka ng listahan ng mga Bay Area certified asbestos abatement contractor online.** Ang mga asbestos contractor ay kailangang may lisensya sa California State Contractor Licensing Board at nakarehistro sa Cal/OSHA.

Kumpirmahing may lisensya ang iyong kontraktor mula sa California State Licensing Board: bit.ly/3D4Oosf
Cal/OSHA: dir.ca.gov

# Tungkol sa Air District

Ang Bay Area Air Quality Management District ang panrehiyong ahensiyang responsable sa pagprotekta sa air quality sa siyam na Bay Area counties, kabilang ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma.




# Mga Panganib sa Kalusugan

Kung malalanghap, maaaring magdulot ng matinding panganib sa kalusugan ang mga hibla ng asbestos, dahil maaaring permanenteng mabara ang mga ito sa mga tisyu ng katawan. Napag-alaman na ang asbestos ay nagdudulot ng iba't ibang uri ng cancer at asbestosis, isang uri ng talamak na sakit sa baga na katulad ng emphysema. Dahil walang nakakaalam ng talagang safe level ng asbestos exposure, nararapat lamang na iwasan ito, at mas lalong mahalaga kapag nag-aalis ng insulation na gawa sa asbestos.



*X-ray ng dibdib na nagpapakita ng maraming na-calcify na pleural plaque mula sa asbestos.*




# Makipag-ugnayan sa amin:

**Bay Area Air District**
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105

**INFORMATION DESK PARA SA ASBESTOS:**
(415) 749-4762
asbestosjobs@baaqmd.gov

**KOMISYON SA KALIGTASAN NG PANG-CONSUMER NA PRODUKTO (CONSUMER PRODUCT SAFETY COMMISSION, CPSC) ASBESTOS SA TAHANAN.**
bit.ly/41w4S5P

**LUPON PARA SA LISENSYA SA ESTADO NG MGA CONTRACTOR (CONTRACTORS STATE LICENSE BOARD, CSLB) SURIIN ANG LISENSYA NG CONTRACTOR.**
bit.ly/3D4Oosf

**DEPARTAMENTO NG MGA UGNAYAN SA INDUSTRIYA (DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS, DIR) MAGHANAP NG CONSULTANT.**
bit.ly/3Dlxup8

Bay Area Air District
CLEAN AIR FOR ALL

MAR 2025